

“

**Ikaw ay may karapatang makatanggap ng kalidad na serbisyo at ayuda na malayo sa anumang uri ng pananamantala, abuso at sekswal na karahasan.**

**Kung may ganitong uri ng paglabag o panganib, tinitiyak ng HRC na bibigyan ito ng agaran, ligtas at makatarungang aksyon gamit ang mga itinakdang mekanismo para solusyunan ang anumang sumbong o reklamo.**

Sa bawat katuwang na komunidad, ito ang aming layunin



**HUMANITARIAN  
RESPONSE  
CONSORTIUM**

Ang Humanitarian Response Consortium (HRC) ay binuo noong 2010 upang makapagbigay ng mabilis, napapanahon, sulit, at sensitibong tulong na sumusunod sa mga international humanitarian standards. Ang HRC ay may kapasidad para sa komprehensibong pagresponde sa krisis at humanitarian assistance na tinutuntungan ang kakayahan ng mga miyembrong organisasyon ng HRC.

**PAKIKIPAGTULUNGAN SA HRC**

Ang proyektong ito ay nakatanggap ng suporta mula sa Interagency PSEA Outreach and Communication Fund



**HUMANITARIAN  
RESPONSE  
CONSORTIUM**



**Walang lugar  
ang abuso,  
karahasan, at  
pananamantala  
dito.**

## INTRODUKSYON

Ang kahit anong pananamantalang sekswal at pambibiktima sa mga vulnerable na mga tao ay hindi katanggap-tanggap, lalo na sa panahon ng krisis. Dahil sa pag-iingay ng publiko, napilitan ang mga nagpopondo at ang gobyerno na mas panagutin ang mga organisasyon.

Maaaring ang mga kababaihan, kalalakihan, at mga kabataan sa mga mahihirap na komunidad ay hindi namamalayan na ang pananamantalang sekswal ay nangyayari na pala dahil maaaring ito ay normal sa kanila. Kung ito ay alam man nila, madalas sila ay walang kapangyarihan upang magreklamo.

Noong Marso 2020, natapos ng HRC ang Safeguarding Policy and Systems kung saan nakita na upang mapalaganap ang lokalisasyon ng humanitarian leadership ay kailangan nating umalpas mula sa pag-iwas sa pananagutan, tungo sa pag-siguro na ang mga komunidad at empleyado ay alam na hindi tama ang pananamantalang sekswal, abuso, at karahasan. Ang mga indibidwal sa bawat organisasyon ay dapat na napapanagot.

**Sinisiguro ng HRC na ang mga survivors ang nasa sentro ng lahat ng proseso. Lahat ng pagsisikap ay gagawin upang makagawa ng kapaligiran kung saan mararamdaman ag mga kasama sa HRC at mga komunidad na sila ay ligtas. Kung ang kanilang tiwala ay nasira, ang organisasyon ay may integridad na protektahan ang mga survivor at sulusyonan ng patas ang isyu.**

## ALAMIN ANG SEAH



**Sexual exploitation:** Aktwal o planadong pag-abuso sa kapangyarihan upang makagawa ng pananamantalang seksuwal.



**Sexual abuse:** Aktwal o bantang pagpilit ng hindi kanais-nais na gawaing seksuwal.



**Sexual Harassment:** Anumang seksuwal na kilos na nagreresulta ng hindi pagiging komportable, pagkasindak, at pagkatakot ng isang tao.

## MGA MEKANISMO



Angkop at epektibong information dissemination para sa mga kasapi ng organisasyon, katuwang na sangay ng pamahalaan at komunidad.



Pagsasagawa ng mga trainings at orientations ukol sa PSEAH para lubusang maunawaan ang polisiyang ito lalo na sa mga bagong empleyado at consultants.



Pagsiguro na ang mga kontratang pipirmahan ng mga empleyado ay naglalaman ng detalyadong paglalahad ng polisiya at patakaran ukol sa PSEAH.



Paggamit ng IEC materials sa mga komunidad na naglalaman ng paraan kung paano ipapahatid ang anumang reklamo o sumbong.



Pananatiliing ligtas at kumpidensyal ang anumang impormasyon, ulat, feedback o sumbong kaugnay ng usaping SEAH.



Sasailalim sa masidhing imbestigasyon at pagsiyasat upang matugunan ng angkop na solusyon o aksyon

## PAANO MAGREKLAMO?




I-send ang report gamit ang cellphone, internet, o ihulog sa mga suggestion boxes. Laman ng report ang mga detalye ng inirereklamo, contact details ng nagrereklamo, at mga posibleng saksi.



Sasagot ang HRC Complaints Coordinator sa loob ng 24 hours at kanyang sasabihin ang potensyal na tagal ng imbestigasyon.



Magsasagawa ng imbestigasyon o ipapasa ang kaso sa tamang awtoridad. Kung ang salarin ay parte ng HRC, siya ay aalisin agad mula sa lugar at i-aalerto na mayroong imbestigasyon.



Magkakaroon ng resolusyon ang imbestigasyon at ipapaalam ito sa nagreklamo at sa organisasyon na kinabibilangan ng salarin.

**Lahat ng reklamo ay iimbestigahan at mananatiling kumpidensyal.**

## MGA TULONG AT REFERRALS

1. Kung kailangan, ang HRC ay tutulungan ang survivor na lumapit sa pulis o / at sa local na Violence Against Women Mechanisms upang masiguro na ang reklamo ay naitala at mapoprotektahan ang survivor. Kung nais itu-loy ng survivor ang kaso, magbibigay ang HRC ng tulong at ng abogado.

2. Kung walang ahensya ng gobyerno na mayroong psychosocial assistance, makikipagtulungan ang HRC sa mga local na pribadong institusyon para makapagbigay ng serbisyo at tulong na aabot sa halagang Php 20,000.00.

3. Para sa mga survivors na bahagi ng HRC, lahat ng pagsisikap ay gagawin upang masiguro na sila ay may akses sa health insurance na maaaring mula sa serbisyo ng gobyerno o mula sa pribadong institusyon. Maari ring magbigay ng hanggang Php 20,000.00 na halaga ng counseling sa labas ng health insurance coverage.

4. Magkakaroon ng mga funding requests para sa mga programa at suporta para sa mga survivors.

## MAGPADALA NG REKLAMO SA:

[hrcsafeguarding@gmail.com](mailto:hrcsafeguarding@gmail.com)